Mga nakapasok sa top 10 ay sina Eric Mordido (4th), John Paul Canulo (5th), Rilly Familara (6th), Joel Forcadas (7th), Renato Mame (8th), Dilgalcantara Romblon MLGOO Carlito Faina Jr. (9th) at Yaneah Sofia Tanguilan Morada (10th).

"Thanks to all the sponsors of this monthly Grand Prix. Congrats to all the winners. See you all for RCC-GP," sabi ni engr. Ernie Fetisan Faeldonia. ***(Marlon Bernardino)***



**TOPS USAPANG SPORTS**

**PINANGUNAHAN** ng pag induction para sa bagong opisyal ng "TOPS" Tabloid Organization in Philippine Sports Inc. Usapang Sports via zoom online ni PSC Philippine Sports Commission Commissioner Celia Kiram, bago pa man ang induction ay nagkaroon muna ng mga mahalagang pahayag ang commissioner kaugnay ng kanilang mga update para sa larangan ng sports. Kung saan ay tuloy ang pag lahok ng Philippine Team para sa nalalapit na SEA Games. ***(RGN)***

# New DENR PENRO Laguna assumes responsibilities

**Calamba City, Laguna - The Department of Environment (DENR) CALABARZON Provincial Office for Laguna welcomes its new PENR Officer as the turn-over ceremony was conducted between outgoing PENR Officer Ronilo Salac to the incoming PENR Officer Eriberto Saños last January 14, 2022.**

DENR CALABARZON Regional Executive Director Nilo B. Tamoria started his message by congratulating the PENR Office of Laguna, as well as PENRO Salac, for accomplishing their targets for the year 2021.

He also commended the efforts and initiatives of the outgoing PENRO for establishing numerous partnerships, conducting series of tree planting and growing activities, and the creation of the PENRO Laguna Satellite Office in Biñan, among others.

"We are aiming to improve organizational responsiveness with a strategic assignment of officials", RED Nilo disclosed. This is also an effort to revisit the Agency's organizational structure to complement the human resources with the improved asset management in the Agency. "This is to ensure the health and safety of our employees and the general public needing our services", he added.

Moreover, incoming PENRO Saños values individuality, teamwork, and collaborative effort, "maliit o malaki, mababa o mataas ang tungkulin mo, tayo ay laging kabahagi ng kabuuan". He challenges PENRO Laguna to decrease the environmental related cases in the province and uphold the respect and trust from the public. "Iisa po ang ating bayan na pinaglilingkuran, kaya tayo po ay magtulong tulong. Ang tulong po, kahit maliit o malaki, ay kung pag sasama samahin ay iyon po ay isang malaking pagtulong sa ating mga kababayan", he emphasized.

Saños is a licensed Forester and has spent 36 years in government service. He is a Career Executive Service eligible and has served as PENR Officer of Palawan, three (3) years prior to his new assignment.

Pursuant to DENR Special Order No. 2022-16, Saños is designated as the new PENR Officer for Laguna. Meanwhile, PENRO Salac shall continue to report to the Office of the RED for his work assignment. ***PR***

# 1K post office employees get booster jabs

**MANILA** – Postmaster General Norman Fulgencio of the Philippine Post Office said some 1,000 frontline personnel received their booster shots against Covid-19 during the recent Post Office's first booster vaccination drive with the assistance of Presidential Adviser for Covid-19 Response Secretary Vince Dizon and Manila Mayor Francisco "Isko Moreno" Domagoso.

Another 2,500 doses will be allocated for another batch of post office employees and their eligible dependents on February 3.

"At the start of the year, a total of 3,500 booster shots has been allotted to post office employees and their families which is necessary to protect them against Omicron variant of Covid-19," Fulgencio said in a news release on Wednesday.

He said getting a Covid-19 vaccine booster shot "gives the public confidence that we are serving, including post office personnel and letter carriers they are dealing with are fully vaccinated with booster, erasing fear and doubts of acquiring the virus".

Postal areas nationwide are advised to coordinate with their local Barangay Health Unit for their booster shots.

"We are taking early guard to make our employees safe against new cases of infection surge across the country," Fulgencio said.

The government noted that vaccinations and boosters help lower the mortality risk and the burden on the country's health infrastructure.

Fulgencio thanked President Rodrigo Roa Duterte for his support in the vaccination of post office workers and for his continuing effort to protect employees from contracting the virus to keep the workplace safe.

"It is necessary for our essential workers to secure vaccines most especially the letter carriers who are usually exposed in the field, as they continue to interact with the public in delivering mails and parcels," he said. ***(PR)***

# Fully vaxxed Calabarzon residents hit 8M mark

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA)** – Calabarzon region continues to log the second-highest Covid-19 vaccination rate in the country, according to the Department of Health (DOH).

Data from the DOH Center for Health Development Calabarzon show that around 8,324,154 individuals in the Calabarzon region have been fully vaccinated against Covid-19. This accounts for 64% of the 12.9 million target population in the region.

According to the DOH Calabarzon, around 17,886,268 out of the 22,567,596 doses of Covid-19 vaccines allocated by the national government have already been administered to eligible residents in the region's five provinces.

This figure includes eligible members of the population who have received single-dose Covid-19 vaccines made by drugmaker Johnson&Johnson.

Economic front liners logged the highest vaccination rate in the entire region, where around 3,044,846 individuals have been fully vaccinated and 209,918 individuals already inoculated with Covid-19 booster doses.

Meanwhile, around 1,046,674 indigent residents have already received complete doses of Covid-19 vaccines, which provided them full protection against severe symptoms of the deadly disease.

The Department of Health stressed the importance of getting vaccinated against Covid-19 amid the rising number of Covid-19 cases in the country.

Earlier this month, Secretary Francisco Duque III urged the public to complete their Covid-19 shots which are effective in reducing the transmission of the deadly virus. — Patricia Bermudez, ***PIA4A***

# Deadline extended for Bar examinees' submission of requirements

**MANILA** – The Supreme Court (SC) has extended the deadline of the submission of documents of Bar examinees until mid-February.

In a bulletin released Tuesday, the high court said "the deadline for submitting the physical, original copies of the pertinent documents for the Bar application process has been moved to February 15, 2022".

The original deadline for the documents, which include a verified petition to take the Bar, is on January 31.

"(W)e recognize that the recent Covid-19 surge and the crippling effects of Typhoon Odette have made it difficult for many examinees to comply with the deadline. Thus, it is moved to sometime after the Bar Examination," the SC said.

The exam will be held on February 4 and 6, instead of the previous January 23 and 25, citing a high rate of infection among examinees and support personnel.

About 16.8 percent of the 8,546 examinees who responded to an e-mail are either positive for Covid-19, living with someone positive for the virus, or under quarantine as a direct contact and are at risk of not being able to take the examination if the original schedule were to push through.

The SC also extended the deadline to February 2 for examinees to take the required sample exams.

The sample exams are non-graded practice tests that simulate the experience of using Examplify, a secure exam delivery program, for the actual examinations.

The SC encourages applicants to take the sample exams multiple times to ensure that they are familiar with Examplify's features and functions.

"It will also confirm the compatibility of the applicants' laptops with Examplify. Answers to the Sample Exams will not be checked and have no bearing on the applicant's actual performance in the 2020/21 Bar Examinations. Only the download of the Sample Exams and upload of the answer will require an Internet connection," the SC said. ***(PNA)***

# Active cases in Cavite almost breach 10K mark

**Trece Martires, Cavite (PIA)** – Two weeks into the year 2022, the rapid increase in CoVid-19 cases recorded in the province brought the number of Active cases to almost ten thousand.

The CoViD-19 Case Tracker released by the Provincial Health Office as of 2pm today, January 13, 2022 recorded 2,096 new cases in the entire province, the highest number recorded in a period of ten days from January 3, 2022.

The rapid transmission of the virus was evident as recorded new cases jumped from 214 on January 3, 2022 to more than one thousand cases daily starting January 8 onwards.

The total Active cases of 9,807 is equivalent to 7% of the total number of Confirmed cases now at 138,793.

According to LGU records, most cases recorded are either asymptomatic, or are experiencing mild symptoms.

Among the 23 cities/ municipalities in the province, Imus City tops the list for the highest number of Active cases with 2,584 cases followed by the city of Bacoor with 1,398. Following third in the list is the city of General Trias with 910 recorded Active cases, the cities of Dasmariñas and Trece Martires at fourth and fifth with 904 and 551 recorded Active cases respectively.

Meanwhile, total Recoveries is more than 125K and CoViD-19 related Deaths recorded is at 3,364. ***(Ruel Francisco with reports from CoViD-19 Case Tracker PHO)***

# DA to import 60MT of fish due to 'Odette'-induced shortage

**MANILA** – Department of Agriculture (DA) Secretary William Dar said there is a need to import 60,000 metric tons (MT) of small pelagic fish to meet the demand for the first quarter of 2022 due to the damage incurred by the fishery sector from Typhoon Odette in December last year.

Dar also announced on Tuesday the signing of the Certificate of Necessity to Import after the assessment showed significant damage and reduced fish production, especially galunggong (round scad), sardines, and mackerel.

In a Laging Handa public briefing, Dar said they are working to remedy the Bureau of Fisheries and Aquatic Resources' projection of a 119,000 MT fish supply deficiency during the first three months.

"We are bolstering the aquaculture sector to close gaps in fish production and sustainably improve our catch," he added.

The fishery sector incurred some PHP4 billion in total value loss and damage after "Odette" lashed the country on Dec. 16 and 17, 2021.

The DA also foresees spikes in fisheries and aquaculture input costs as global prices of petroleum and fish feed inch upwards.

"We are, as always, striking the crucial balance to ensure fish security among consumers while coming to the aid of our fish producers," Dar said.

The DA allotted PHP50 million from its PHP1 billion Quick Response Fund post-"Odette" for the distribution of marine diesel/gasoline engines, fiberglass fishing boats, and distribution of relief goods such as canned tuna, sardines, and frozen fish.

Another PHP35 million worth of interventions were also distributed to affected regions. ***(PR)***

# BIR's digital transformation projects to benefit taxpayers

**MANILA – The Bureau of Internal Revenue (BIR) has a total of 49 projects in the first phase of its 10-year Digital Transformation (DX) Roadmap, of which 14 have already been launched or implemented as of the last quarter of 2021.**

In a report to Finance Secretary Carlos Dominguez III, the BIR said 26 of the 49 DX projects involve "elevating taxpayer experience and innovating BIR service processes," nine are on "enhancing administration and the BIR's support services," another eight are on "aligning policies to a BIR digital workplace," and six more are on "enabling the digital backbone" of the Bureau.

The BIR said its ongoing DX programs, which have expanded the range of electronic payment channels that allow taxpayers to file and pay their taxes online, enabled the bureau to continue collecting taxes even amid the mobility restrictions that have been put in place during the pandemic.

In 2020, the share of tax payments from e-payment channels amounted to PHP1.66 trillion, or 85 percent of its total collection of PHP1.95 trillion.

Dominguez has ordered all agencies attached to the Department of Finance (DOF) to implement their respective digital transformation programs long before the pandemic.

Among the DX projects already launched or implemented by the BIR include its Internal Revenue Integrated System (IRIS), which serves as the bureau's central tool and repository to process taxpayer information; and the Enhanced Internal Revenue Stamps Integrated System (IRSIS), which is an application that manages the ordering, production, distribution, affixing and tracking of revenue stamps to monitor the proper payment of excise taxes on tobacco products.

The BIR also has a single hotline number and its chatbot "REVIE" on its website to assist taxpayers with general inquiries on top of being able to email the bureau regarding their concerns.

Both the hotline and chatbot projects were launched last June.

The BIR has also put in place its Electronic Filing and Payment System (eFPS), Electronic Fund Transfer Instructions System (eFTIS), and other e-payment channels to allow taxpayers to pay taxes online.

In 2020, the BIR recorded 447,188 ePayers, representing an increase of 472 percent or 369,070 taxpayers when compared to the number of ePayers in 2015 who totaled just 78,118.

The BIR has made e-payment channels such as GCash, the Land Bank of the Philippines (LandBank) ePayment System, and Development Bank of the Philippines (DBP) PayTax Online System available to taxpayers since 2017.

From 2019 to 2020, the BIR added Union Bank of the Philippines (UnionBank) online, PesoNet, and PayMaya as e-payment channels.

Only 43 percent of the total number of tax returns were filed electronically in 2015 through BIR's eFPS and eBIRForms System.

In 2020, about 94 percent of the tax returns were already filed electronically.

From the 1.91 million e-payment transactions made with the bureau in 2015, this number rose to 4.01 million electronic payment transactions in 2020, representing an increase of 110 percent.

The BIR is also implementing other digitalization projects to improve its services, including:

●eAppointment - an online or digital medium accessible at the BIR website that taxpayers may use to book or request for schedule of meeting/ conference with revenue officers/officials regarding matters on taxation;

●Online application for Tax Clearance for Bidding Purposes (TCBP) and Tax Compliance Verification Certificate (TCVC), which enable taxpayers to file applications for tax clearance for bidding purposes and TCVC online through the use of email facility that will forward said applications to the concerned revenue office;

●Online survey feedback system, which is an online system developed to get feedback from taxpayers on the quality of services being rendered by BIR frontline offices;

●Special types of registration (new business registration or newbizreg portal), which is an electronic registration portal that lets taxpayers submit their applications for business registration through email;

●TIN verifier mobile application, which is the mobile chat application available to public for their taxpayer identification number (TIN) inquiries and verification;

●Asset Information Management Program (AIMP) Phase 2, which is a system that enhances data-sharing with other government agencies to build-up taxpayer asset database to aid in tax administration and tax policy analysis; and the

●Electronic One-Time Transaction System (eONETT System), which is a system that enables taxpayers to transact their ONETT online anytime, anywhere. ***(PR)***

# Construction of 380-km Laguna-Albay PNR route to start soon

**MANILA** – The Department of Transportation (DOTr) awarded the single largest rail contract worth PHP142 billion, or about USD2.8 billion, to a Chinese joint venture to build a 380-kilometer Philippine National Railways (PNR) route.

The construction will run from Barangay Banlic in Calamba, Laguna to Daraga, Albay.

The contract was signed on Monday by DOTr Secretary Arthur Tugade and representatives of the China Railway Group Ltd., China Railway No. 3 Engineering Group Co. Ltd., and China Railway Engineering Consulting Group Co. Ltd. (CREC JV).

The contract includes the design, construction, and electromechanical works for the project.

"Listed in both the Hong Kong and Shanghai stock exchange, CREC JV ranked 35th on the Fortune Global 500 list and 5th among China's top 500 enterprises in 2021," the DOTr said in an announcement on Tuesday.

The project will span across 39 cities and municipalities in four provinces and two regions.

Aside from the construction of 380 kilometers of railway, the project will include 23 stations, 230 bridges, 10 passenger tunnels, and a 70-hectare depot in San Pablo, Laguna.

In a Facebook post, Chinese Ambassador to the Philippines, Huang Xilian, said the project will be the "fastest and longest railway segment so far in the Philippines" and "another milestone" for the relationship between the Philippines and China.

Huang said the project is so far the "highest-funded G-to-G (government-to-government) project" between the two countries.

Once operational, travel time between Calamba, Laguna and Legazpi, Albay will be shortened to four hours from the usual 12 hours and will serve 14.6 million passengers yearly.

The project is also expected to create "more than 10,000 direct construction jobs each year" aside from "hundreds of thousands" of jobs in related areas, according to Huang.

"I wish the scenario come true the soonest and the project a smooth progress!" Huang posted.

The PNR Bicol project is a 565-kilometer railway that will connect Metro Manila to the southern Luzon provinces of Sorsogon and Batangas.

Its passenger trains will run at a speed of 160 kilometers per hour while freight trains will run at 100 kilometers per hour. ***(PNA)***

# Right lagundi dosage can relieve Covid-19 symptoms: DOST

**MANILA** – A medical doctor and project leader of the study on lagundi as adjuvant therapy for mild Covid-19 reminded the public that there is a prescribed dosage for the herbal medicine that treats cough and asthma.

Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato de la Peña, in a taped report aired Friday afternoon, said the prescribed dosages will ensure that treatment using lagundi will render positive results.

Citing the recommendations of Dr. Cecilia Maramba-Lazarte, the project leader of the lagundi clinical trial by the University of the Philippines Manila with the support from DOST-Philippine Council for Health Research and Development, he said adults may take the 600-milligram (mg) tablet or 5 milliliters (ml) of the 600 mg syrup thrice daily.

Pediatric patients' dosage requirements, on the other hand, would vary depending on the age range.

The 300 mg syrup may be taken thrice daily by children, following the suggested dosage per intake: 2.5 to 5 ml for ages 2 to 4; 5 ml for ages 4 to 6; and 7.5 to 10 ml for ages 6 to 12, according to de la Peña.

People 12 years old and above may also take the 600 mg tablet thrice daily, he added.

"By following these guidelines, the use of lagundi may alleviate mild Covid-19 symptoms. Lagundi has long been used for cough and asthma relief," the DOST chief said.

The clinical trial on lagundi as adjuvant therapy seeks to determine if the herb can provide symptomatic relief for mild Covid-19 patients without comorbidities or if it can decrease the progress from mild to moderate or severe cases.

The two-stage, randomized double-blind, placebo-controlled study was conducted from July 2020 to August 2021. ***(PNA)***

# Too early to think of 2022 growth target revisions: NEDA exec

**MANILA** – It is still early to think of any revisions in the 2022 growth target even with the Alert Level 3 implementation in several parts of the country, a National Economic and Development Authority (NEDA) executive said Tuesday.

While Alert Level 3 movement restriction has been raised until end-January 2022 in more than 80 areas around the country, including the National Capital Region (NCR), NEDA Undersecretary Rosamarie Edillon said the decision is partly made as a "balancing act" for health and economic aspects.

"With respect to the target for the year, it's still early days to be revising whether upwards or downwards because it's just January 18. There are still a lot of developments that can happen, hopefully very positive developments on that," she said during the virtual presser hosted by the Presidential Communications Operations Office (PCOO) for the Task Group on Economic Recovery and National Employment Recovery Strategy (TGER-NERS).

The inter-agency Development Budget Coordination Committee has set a 7 to 9 percent growth target for this year and 6 to 7 percent for 2023-2024.

Authorities said Alert Level 3 in the NCR Plus, which covers the NCR and neighboring provinces of Rizal, Laguna, Cavite, and Bulacan, costs the economy around PHP3 billion every week.

Edillon said latest figures on the impact of the Alert Level system on the economy are "tamer" compared to the effects of the enhanced community quarantine and the modified enhanced community quarantine.

She said the improving vaccination rate in the country is a plus as it provides added protection of the population against the coronavirus disease 2019.

Edillon said the economy has experienced heightened movement restrictions in the past, thus, "we think we are now much better at managing these risks."

"…There's still enough time to catch up," she added. ***(PNA)***

# GINANG, TIMBOG SA PAGBEBENTA NG PEKENG VAX CARD

**ARESTADO sa entrapment operation ang 57-anyos na ginang dahil sa pagbebenta ng pekeng vaccination card at certificate sa Dasmarinas City, Cavite Lunes ng gabi.**

Kasong paglabag sa RA 11332 (Mandatory Reporting of Notification Diseases Law)/Selling of Fake Vaccination Card and Certificate of Vaccination ang kinaharap ng suspek na si Julieta Mabion y Pacheco, ng Block 24 Lot 34, Phase 10 Dasma 4 Golden City, Brgy Salawag, Dasmarinas City, dahil sa reklamo ng ilang concerned citizen.

Sa ulat ni PSSgt Richard Domingo, ng Dasmarinas City Police, dakong alas-9:54 ng gabi nagsagawa ng entrapment operation ang mga operatiba ng Intelligence Unit ng Dasmarinas CPS sa bahay ng suspek dahil sa reklamo ng ilang concerned citizen.

Nabatid na natatakot umano ang mga concerned citizen sa pagbebenta ng suspek ng mga pekeng vaccination cards at certificate of vaccination na posibleng gamitin ng mga 'di bakunado upang makalabas o makagala.

Dahil dito, nagsagawa ng entrapment operation sa loob ng kanilang bahay kung saan nagpanggap ang isang intel officer na magpapagawa ng vaccination card na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto.

Nakuha sa suspek ang Covid 19 vaccination ID at certificate of vaccination cards, cellphone na ginagamit nito sa transaksiyon at P500 bayad para sa ID at card. ***GENE ADSUARA***

# 'tulak' swak sa P.4-M 'bato'

**TINATAYANG** mahigit sa P400K halaga ng hinihinalang shabu ang nasamsam matapos na naaresto ang 37-anyos na umano'y tulak sa isinagawang buy bust operation sa Tanza, Cavite, Lunes ng madaling araw.

Kinilala ang naarestong suspek na si Jaypee Talactac y Catcalin, alias "Tibok", binata, ng Brgy Amaya 1, Tanza.

Sa ulat, dakong alas-3:30 ng madaling araw nagsagawa ang mga operatiba ng Special Operations Unit 4A sa pamumuno ni PBGen Remus Medina, Director PNP Drug Enforcement Group (DEG) at Tanza Municipal Station sa Brgy. Amaya 1, na nagresulta sa pagkakaaresto kay Talactac.

Sa naturang operasyon, narekober ang humigit kumulang 65 gramo ng hinihinalang shabu na may standard drug price na P442,000.00, buy bust money, driver's license, analog type na cellphone, vaccination card, at isang wallet na may iba't ibang Identification Cards.

Ang suspek ay ikinulong sa PNP DEG SOU 4A para sa dokumentasyon habang paglabag sa RA 9165 ang inihandang kaso laban sa kanya. ***GENE ADSUARA***

# NURSES SA MGA PAMPUBLIKONG OSPITAL NG SORSOGON, BUWENA-MANO SA BAGONG DAGDAG-SUWELDO –CHIZ

Sinimulan nang ipatupad ng pamahalaan ng probinsiya ng Sorsogon ang isang budget circular na nagsasaad ng pagtaas ng suweldo ng mga nurse sa pampublikong ospital bilang parte ng Salary Standardization Law (SSL) 5 na nagkabisa ngayong buwan, ito ang inanunsiyo ni Gov. Chiz Escudero.

Ayon kay Escudero, ang 139 nurses na nagtatrabaho sa siyam na pampublikong ospital na pinapatakbo ng pamahalaan ng probinsiya ang kauna-unahang makakatanggap ng panibagong dagdag-suweldo sa bisa na rin ng Republic Act 11466 o ang "Act Modifying the Salary Schedule for Civilian Government Personnel and Authorizing the Grant of Additional Benefits and for Other Purposes" na pinirmahan ni Pangulong Rodrigo Duterte noong Enero 2020.

"Paunang makakatanggap ng dagdag na sahod ang ating mga nurses mula sa mga pampublikong ospital dito sa lalawigan. Malaking tulong ito lalo na sa panahong ito at higit kailan ay kailangan nila ang dagdag na sweldo dahil bugbog din naman sila sa dami ng trabaho at pag-aaruga sa mga Sorsoganon gawa ng pandemya," ani Escudero.

Ang Sorsogon ay mayroong isang provincial hospital, apat na district hospital, at apat na medicare hospital na pawang sertipikado lahat ng International Organization for Standardization.

Habang inihahanda ang dagdag-suweldo ng mga nasabing nurse, hinihintay na lamang ng Sorsogon Human Resources Department ang mga panuntunan galing sa Depatrmet of Budget and Management para sa implementasyon ng ikatlong bagsak ng pagtaas ng suweldo ng lahat ng mga empleyado ng gobyerno na may permanenteng posisyon.

Sa pinakahuling listahan na hawak ng Human Resources Department noong Disyembre 2021, nasa 1,004 ang mga naka-plantillang empleyado ng pamahalaan ng probinsiya. Sa ilalim ng batas, inaasahang makikinabang ang halos 1.4 kawani ng pamahalaan na may posisyong plantilla sa buong bansa sa panibagong dagdag-suweldong ito kung saan gagasta para rito ang pambansang gobyerno ng P130.5 bilyon hanggang 2023. ***PR***

# Nakaw na motorsiklo, natunton sa FB post

**DAHIL** sa post sa Facebook ay natunton ng 29-anyos na security guard ang kanyang nawawalang motorsiklo at naresto naman ang seller sa Imus City, Cavite Linggo ng hapon.

Hawak ng awtoridad ang suspek na si Servillo De Castro y Villa, 33, binata, negosyante, dahil sa reklamo ni Zarny Zaw Thein y Ayao, binata.

Sa reklamo ni Thein kay Corporal Jessie Villanueva, January 5 ay puwersahan umanong kinuha ng isang Raffy Maceda ang kanyang motorsiklong Yamaha Mio Gravis sa Brgy Langkaan 2, Dasmarinas City.

Pero nitong January 16, nakita ng biktima ang isang ibinebentang motorsiklo sa halagang P56,000 na kahalintulad ng kanyang nawawalang motor sa Marketplace ng Facebook.

Kinontak ng biktima ang seller at nagkunwang bibilhin ito.

Dakong alas-4:00 ng hapon ay nagkasundong magkikita sa Brgy Malagasang 2-A, Imus City ang biktima at seller at nang tsinek ay dito nakumpirma ng una na kanya ang nawawalang motorsiklo kaya pinaaresto ang seller.

Kasong paglabag sa PD 1612 (Anti-Fencing Law) ang kinaharap ng suspek. ***GENE ADSUARA***




# FREDIE WONG, BANDERANG TAPOS! PAGPAPATULOY NG KARERA

Magaan na nagwagi sa laban ang kabayong si Fredie Wong matapos bumandera sa ginanap na Ratings-Based Handicapping System RBHS Class 5 (R5) na pinakawalan sa pista ng San Lazaro Leisure Park sa Carmona, Cavite. Lulan ng class B rider na si JD King Flores ay pinakain ng alikabok ni Fredie Wong ang kanyang mga katunggali at mas lalong lumakas sa huling rektahan. Sa simula ng labanan ay agad na kinuha ng segunda liyamado na si Fredie Wong bandera na kung saan siya ay komportable, kasunod si The Queen na sinakyan ni Joel Siego, pangatlo ang tersera liyamado na si Lucky Saver ni Allan Pare, nasa ika-apat na puwesto ang bahagyang naliyamado na si Silver Arrow na ginabayan ni Conrad Henson, panglima si Minotaur ni Ken Malapira, pang-anim si Kenkenrarabell na pinatungan ni Paul Refe, nasa ikapitong posisyon si Star Of Kidapawan ni FS Parlocha, kasunod si Ziqqy na nirendahan ni Lester De Jesus, habang si Felicia's Magic ni Brix Fulgencio ang bugaw sa takbuhan. Sa back stretch ay bandera pa rin si Fredie Wong habang sabay na dumidikit sa likuran sina Kenkenrarabell at si Silver Arrow at nasa ika-apat na puwesto si Ziqqy ng may apat na kabayong agwat mula sa unahan. Sa far turn ay nasa unahan pa rin ang winning horse habang pilit na humahabol si Kenkenrarabell sa kanyang likuran. Dahil sa angking bilis at walang bumulabog sa harapan ay hindi na nagawa pang mahabol si Fredie Wong at pagpasok sa home stretch ay patuloy pa na binabagsakan ni JD King ang kanyang sakay kaya mas lalong lumayo sa mga kalaban pagtawid sa meta. Pumorkas sa kanya si Minotaur at pumasok si Silver Arrow sa trifecta. Habang sina Kenkenrarabell, Lucky Saver at Star Of Kidapawan ang pumang-apat, panglima at pang-anim ayon sa pagkakasunod. Nirehistro ni Fredie Wong ang tiyempong 1:33.4 (13-25'-26'-28') para sa distansiyang 1,400 meter. Dahil naman sa pagsirit ng mga kaso ng covid 19 sa buong bansa at upang suportahan ang mga pagsisikap ng gobyerno na maiwasan ang pagkalat ng naturang virus ay nagpasya ang Philippine Racing Commission (Philracom) na kanselahin ang mga nakatakdang karera nung Enero 12 hanggang 16, 2022. Bagama't hindi talaga ipinag-uutos ang pagkansela dahil walang mga alituntunin na inilabas ang IATF at GAB, ang Philracom na mismo ang nagpasya at nagdesisyon ukol dito para na rin sa kaligtasan ng lahat. Makalipas ang isang linggo, ay inaprubahan na muli ng Philracom board ang pagpapatuloy ng horse racing simula Enero 19,2022 (Miyerkules). Hinihikayat ng Philracom na sumunod ang lahat ng mga bumubuo ng karerahan pati na ang mga mananaya sa mga health and safety protocols ng DOH at IATF upang mabawasan ang pagkalat ng covid 19 sa pagpapatuloy ng karera. Tanong ng bayang karerista: Magiging operational na ba ang mga OTB? Hanggat walang bagong mga guidelines na inilabas, ang mga OTB ay dapat na mag operate, siyempre depende yan sa pagpapasya ng LGU. Marami rin kasi ang nagcomment, Bakit daw ang pitmaster o online sabong ay may mga monitor sa mga betting station nila sa kabila ng pagtaas ng kaso ng covid, marami tuloy na mananaya ang halos nagdidikit dikit habang nanunood ng sabong. May punto nga naman.

# DANGAL NG PANITIKAN 2022, bukás na para mga nominasyon!

**MGA TUNTUNIN**

**1**. Ang Gawad Dangal ng Panitikan ay ang mataas na pagkilála sa naiambag sa panitikang Pilipino o lifetime achievement award. Binibigyang-pagpupugay nitó ang natatanging manunulat na nagpakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at ibá pang wikang panrehiyon o panlalawigan.

**2**. Bukás ang nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat, laláki man o babae, na nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Pilipinas. Ang mga ambag ay dapat na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

**3**. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taón.

**4**. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa panitikang Pilipino at mga katutubong wika ng Pilipinas (kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba.)

**5**. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mula sa labas ng KWF.

**6**. Pára sa onlayn na nominasyon, ihanda ang kompletong dokumento na naka-pdf at ilakip ayon sang-ayon sa pagsagot sa link na ito: https://forms.gle/DWHSr19H5TQK4X1A9

- KWF Pormularyo sa Nominasyon (i-print, sagutan at ilakip) http://kwf.gov.ph/.../PORMULARYO_KWF-DANGAL-NG-PANITIKAN.pdf
- Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina
- Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán)
- Mga pruweba sa katipunan ng mga akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino

**7**. Pára sa nominasyon ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelope ang sumusunod na dokumento na binanggit sa bílang 6 at ipadalá sa:

Lupon sa Gawad Dangal ng Panitikan 2022
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

**8**. Ang hulíng araw ng pagpapápasa ng nominasyon ay sa 24 PEBRERO 2022, 5:00 nh.

**9**. Ang tatanghaling Dangal ng Panitikan 2022 ay tatanggap ng naturang gawad sa iginagayak na programa ng KWF sa Araw ni Balagtas, 2 Abril 2022.

**10**. Pára sa ibá pang detalye, tumawag o mag-text sa 0928-844-1349 o magpadalá ng email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

# Buto ng tao, nahukay sa construction site

**HINIHINALANG** buto ng tao ang natagpuan sa isinagawang paghuhukay sa isinasagawang construction site ng Cavite-Laguna Expressway (CALAX) sa Gen Trias City, Cavite Martes ng umaga.

Sa ulat ni PMSgt Cristopher Dumlao, ng Gen Trias City Police Station, alas-11:00 ng umaga

habang nagsasagawa ng paghuhukay ang operator ng backhoe para sa itatayong barracks ng mga manggagawa sa gilid ng Ylang-Ylang river sa Brgy Navarro, Gen Trias City, ay nahukay ang ilang piraso ng hinihinalang buto ng tao.

Ang paghuhukay sa lugar ay bahagi ng isinasagawang konstruksiyon ng Cavite-Laguna Expressway (CALAX) na inumpisahan noong July 2019 at may habang 44.63 kilometro.

Hiningi ng awtoridad ang tulong ng Provincial Forensic Unit para sa nahukay na mga buto. ***GENE ADSUARA***

# Tiyan ng obrero, winakwak ng kainuman

**WINAKWAK** sa tiyan ang construction worker ng kanyang kabaro matapos na nagkapikunan dahil lamang sa kanilang trabaho sa Silang, Cavite, Linggo ng gabi.

Namatay sa pinangyarihan ng insidente ang biktimang si Rigan Naa, nasa wastong edad, habang kusang loob na sumuko sa awtoridad ang suspek na si Eaijan Flores Sumile, nasa wastong edad, kapwa construction worker at residente ng Purok 7, Brgy Ulat, Silang.

Sa ulat ni Corporal Ralph Jayson Santos, ng Silang Police Station, dakong alas-7:00 ng gabi ay nagkayayaan ang magkapitbahay at magkabaro sa trabaho na mag-inuman sa harapan ng kanilang bahay.

Makaraan ang mahigit isang oras na inuman at kuwentuhan ay nauwi ang usapan sa kanilang trabaho bilang isang construction worker hanggang sa magtalo at nagkainitan ng usapan.

Dito na inilabas ng suspek ang isang kutsilyo at walang habas na pinagsasaksak sa tiyan ang kapitbahay na nagresulta sa kamatayan nito. ***GENE ADSUARA***

## Para sa agad na pagbangon ng ekonomiya matapos ang pandemya

# CHIZ: DAPAT LUMIKHA NG MAS MARAMING TRABAHO GALING SA P1.8-T BUILD, BUILD, BUILD PROGRAM

Hinihimok ni senatorial aspirant at kasalukuyang Sorsogon Gov. Francis "Chiz" Escudero ang pambansang gobyerno na magtakda ng mas mataas na target sa paglikha ng trabaho sa pamamagitan ng programa nitong Build, Build, Build na mayroong pondong P1.18 trilyon ngayong 2022 o mahigit 20% ng national budget ng kasalukuyang taon.

Binigyang-diin ni Escudero na ang nasabing halaga ay katumbas ng 5.3% ng gross domestic product ng Pilipinas at marapat lamang na gamitin sa pagsusulong ng ekonomiya upang agad na makabangon ang bansa matapos ang pandemya.

"Kasabay ng ating patuloy na paglaban sa COVID-19 ang pagsusulong ng pagbangon ng ating ekonomiya sa pamamagitan ng paggastos at paghikayat ng mga bagong puhunan at negosyo. Ang gobyerno ang numero unong tagapagbigay ng trabaho at kayang-kaya nitong makapagbigay ng maraming trabaho sa mga Pilipino sa pamamagitan ng Build, Build, Build," ani Escudero.

Ayon sa isang ulat Philippine Statistics Authority noong isang taon, tinatayang halos 4.2 milyong Pilipino ang walang trabaho at nasa 7.9 milyon naman ang nabawasan ang kanilang sinusuweldo dahil umikli ang oras ng operasyon ng kanilang mga pinagtatrabahuhan dahil sa pandemya.

"Puwede sigurong isali sa Build, Build, Build projects for 2022 ang pagtatayo ng military and supply infrastructures sa Ayungin Shoal. That would be hitting two birds with one stone. Nakapagbigay ka na ng trabaho, naipaglaban mo pa ang ating soberenya sa West Philippine Sea," aniya.

Makikita sa 2022 National Expenditure Program na mapupunta sa Department of Public Works and Highways (DPWH) ang P336 bilyon para mga proyektong nasa ilalim ng Build, Build, Build habang P127 bilyon naman ang mapupunta sa Department of Transportation.

Ayon sa DPWH, nasa 6.5 milyong trabaho ang nalikha ng kanilang kagawaran sa pamamagitan ng Build, Build, Build projects simula 2016 hanggang 2020 kung saan may minimum na suweldo ang mga manggagawa. ***PR***

# Talaang Ginto: Makata ng Taón 2022, bukás na sa mga lahok!

**MGA TUNTUNIN:**

**1**. Ang Talaang Gintô: Makata ng Taón ay isang patimpalak sa pagsulat ng tula na itinaguyod ng KWF na naglalayong pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilála sa mga batikan at baguhang talino at tinig sa sining ng tula.

**2**. Bukás ang timpalak sa lahat ng mga Pilipino, babae man o laláki, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.

**3**. Ang entring ipapása ay maaaring isang mahabang tula na may isang daan (100) o higit pang taludtod, o isang koleksiyon ng sampung (10) maiikling tula (10–12 taludtod) na may magkakaugnay na tema. Kinakailangang may pamagat ang ipapásang koleksiyon. Malayà ang paksâ ngunit kailangang tumatalakay sa isang mahalagang paksaing panlipunan sa kasalukuyan. Ang ipapásang mahabang tula o maiikling tula ay malayà (walang tugma at súkat). Maaari ding ialinsunod ang paksâ ng kalipunan ng mga tula sa tema ng Buwan ng Panitikan 2022: "Muling Pagtuklas sa Karunungang-Bayan" (Rediscovering Folk Heritage).

**4**. Ang lahok ay kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin ng nalathala nang tula, at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon. Ang sinumang mahúli at mapatunayang nagkasála ng pangongopya ay kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

**5**. Pára sa onlayn na paglahok, magtungo sa https://forms.gle/Wtd7PaTbE61w67Vv9 at ilakip ang sumusunod:

- Kopya ng kompiyuterisadong lahok (.doc format). Gagamitin ang font na Arial 12 pt, single spaced sa 8 ½ x 11 in (short bond paper) na may palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibabâ, at magkabiláng gilid. Kung makinilyado ang lahok, i-scan at isumite nang naka-portable document format (.pdf)
- Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
- Notaryo na nagpapatunay na orihinal at hindi pa nalalathala ang lahok (.pdf)
- Curriculum vitae at/o bionote ng makata (.pdf)
- 2×2 retrato ng kalahok (.jpeg)

**6**. Pára sa pagsusumite ng lahok sa pamamagitan ng koreo, ipadadala ang sumusunod:

- apat (4) na kopya ng kompiyuterisadong lahok. Gagamitin ang font na Arial 12 pt, single spaced sa A4 size (bond paper) na may palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibabâ, at magkabiláng gilid.
- Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
- Notaryo na nagpapatunay na orihinal at hindi pa nalalathala ang lahok
- entri form (i-print, sagutan at ilakip) https://kwf.gov.ph/.../uploads/talaang-ginto-pormularyo.pdf
- Curriculum vitae at/o bionote ng makata
- 2×2 retrato ng kalahok
- Ipadalá ang lahok sa koreo sa:

Lupon sa Talaang Ginto 2022
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

**7**. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 28 PEBRERO 2022, 5:00 nh. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.

**8**. Pará sa lahok na ipadadalá sa koreo, magpapadalá ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahok.

**9**. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

Unang gantimpala, PHP30,000 (net) + titulong "Makata ng Taón 2022", tropeo at medalya;
Ikalawang gantimpala, PHP20,000.00 (net) at plake;
Ikatlong gantimpala, PHP15,000.00 (net) at plake

**10**. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

**11**. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349 o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph


# SABUNGERO, UMISKAPO SA HULI; DEDO SA LUNOD

**NAKALIGTAS man sa kamay ng mga umarestong awtoridad, pero hindi sa nag-aabang na karit ni kamatayan nang nalunod ang isang sabungero matapos tumalon sa ilog sa Tanza, Cavite Linggo ng umaga.**
Isinugod pa sa ospital ang biktimang si Mark Madla y Ortiz, alias Macmac, nasa wastong edad, subalit idineklarang dead on arrival.
Sa ulat ni Corporal Franz Marione Zorilla, ng Tanza Police Station, alas-10:00 ng umaga nagsagawa ng operasyon kontra illegal gambling (tupada) ang mga intel operatives ng Cavite PPO sa Brgy Tres Cruses, Tanza, kung saan pagdating sa lugar ay natakbuhan ang mga sabungero.
Bagama't may naaresto na pito na mananabong kabilang ang 57-anyos na Retired Army, pinili ng biktima na tumakbo at dumaan sa ilog malapit sa lugar subalit nalunod umano ito.
Iniahon ng mga rescuer ang biktima at isinugod sa ospital subalit idineklarang dead on arrival.
Narekober sa lugar ang P2,200 halaga ng pusta, dalawang sasabunging manok at apat na tari. ***GENE ADSUARA***

# 7 katao, tiklo sa 'bato'

**TINATAYANG** mahigit sa P100K halaga ng shabu ang nasamsam sa pagkakaaresto sa pitong hinihinalang tulak kabilang ang tatlong babae na naaktuhan na nagsasagawa ng pot session sa isang drug den sa Bacoor City, Cavite hapon ng Martes.
Kinilala ang mga naaresto na sina Manuel Villanueva Aquino Jr., alias Boy Tawa, 52; Jayson Caeg Alperto 52, taxi driver; Jonjip Aquino Arquinez 42; Guillermo Licauan Lorca, 50; Loida Intena Batal, 36; Mylene Ruda Navarro, 40, salon; at Rachelle Santiago Diocaresa, 37.
Sa ulat ng Bacoor City Police Station, alas-4:20 ng hapon nagsagawa ng buy bust operation ang mga operatiba ng PDEA IV-A Cavite PO, Bacoor CPS at Cavite PDEU sa Block 11 Lot 33, Mary Homes Subdivision, Brgy Molino IV, kung saan target si alias Boy Tawa.
Subalit ang pagkakaresto kay Aquino ay pagkakadisukbre din na ang nasabing bahay ay ginagawang drug den at naaktuhan ang anim na iba habang nagsasagawa ng pot session.
Narekober sa lugar ang tinatayang 15 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P103,500, mga sachet ng shabu, mga drug paraphernalias para sa pot session, isang Cherry mobile na cellphone at buy bust money.
Kasong paglabag sa Sec. 5, 6, 7, 11, 12, at 15 Art. II ng RA 9165 ang kinaharap ng mga suspek. ***GENE ADSUARA.***



**BAHAGI** ito ng 'Drive Thru Vaccine' sa Kartilya ng Katipunan na matatagpuan sa gilid ng city hall ng Maynila. Iba't ibang brand ng bakuna ang naipapagkaloob ng Manila local government. ***(Christian Heramis)***



**NO VACCINE NO RIDE POLICY:**
Karatulang bubungad kapag sasakay ng mga pampublikong sasakyan alinsunod sa kautusan ng IATF upang mapigil ang hawaan ng COVID-19 sa iba't ibang variants. Makikita sa larawan na tangan ng isang babaing pasahero ang kanyang vax card sa pagsakay ng pampasaherong dyip sa area ng Maynila kamakailan. ***(Christian Heramis)***



**NAGSAWA** ng outreach program ang grupo Gran Logia Nacional De Pilipinas Logia Jose P Rizal NU. 1 katuwang ang JT International Philippines and MPD Station 12, sa pangunguna nina Venerable Maestre James G. Lagasca Premera Vigilante Alfredo R Fabian III, Segunada Vigilante, Elgene Tichingbon , Secretario Jonathan Leonardo at Station Commander PLTCOL. Paul Jady D Doles. Umabot sa 270 residente ng Barangay 20 Delpan, Tondo, Manila ang nabahagian ng mga food pack. ***(Leonard Basilio)***

# HANEP
**Basahin Mo Ito!**




# Mistulang 'abnormal' na

**LAST** year pa lamang kung igagagala ang paningin sa kapaligiran ay aakalain bang campaign period na.
Hindi naman kasi maitatatwa ang maraming nakadikit o nakasabit na tarpaulin ng mga kandidato.
Dumami ang nakitang iba't ibang tarpaulin pagkatapos ng deadline sa filling ng certificate of candidacy noong nakaraang taon.
Lalo pang dumami lalo at nagsimula ang mga kandidato sa national position sa pag-iikot sa iba't ibang bahagi ng bansa.
Sa mga basketball o covered court at maging sa mga open area ay makikita ang mukha ng mga kandidato na nagsagawa ng pagtitipon doon.
Mistulang piyesta na nagsisilbing 'banderitas' ang mga tarpaulin na idinikit o isinabit.
Bahagyang nahinto lamang dahil nailagay ang ibang lugar ay nailagay sa mas mahigpit na status bunsod ng COVID-19.
Eh ano naman ang aasahang kasunod na eksena kapag bababa na ang bilang ng mga kaso na apektado ng virus.
Muling magluluwag at maaaring uubra na ang mga pagtitipon lalo at papasok na talaga sa campaign period na mauuna ang nasyunal bago ang lokal na posisyon.
Pagkatapos ay ano naman muli ang aasahang eksena dahil sa pagkakaluwag ng restriksiyon.
Pwedeng muli na namang lumalala ang sitwasyon pero huwag naman po sana.
Halos nasa dalawang taon na tayo sa pandemiya at hindi natin maikakaila na paulit-ulit o pabalik-balik lamang ang kondisyon o pangyayari.
Hindi naman talaga kasagutan ang pagbabatuhan ng sisi o kasalanan dahil walang may gusto ng pandemiya at bawat isa sa atin ay hangad na makabalik sa normal ang lahat.
Balikan natin ang isyu sa mga tarpaulin, hindi pa nga campaign period pero sangkaterba na ang ating nakikita sa bawat sulok ng lansangan.
Kapansin-pansin na mayroong 'bastusan' sa tarpaulin dahil bukod sa may nagtatakip ay sadyang mayroon ding naninira.
Halimbawang dumating ang kampo ng kandidato sa isang lugar ay walang pakialam kahit takpan ang tarpaulin na nakakabit o nakasabit ng nauna sa kanila na nagdaos doon ng gathering.
Masaklap pa ay hindi lang pagtakip dahil ang iba ay naninira pa ng tarpaulin.
Sino ang may kagagawan ng mga ganitong gawa? Kanino dapat ibaling ang sisi?
Sa mismong kandidato ba o sa mga supporter o tauhan ng isang kandidato?
Gusto nating makabalik sa normal ang lahat dulot ng pandemiya pero sa mga ganitong gawi o pag-uugali ay mistulang abnormal na ang nakararami.